

A MGA ARAL MULA SA PAGKAWASAK NG JERUSALEM:

❖ ANG PAGTANGGI SA PAG-IBIG NG DIYOS.

- Si Jesus ay umiyak habang papalapit sa Jerusalem (Lucas 19:41-44). Alam Nya na sila ay magdurusa dahil sa kanilang katigasan sa pagtangi sa mapagmahal na mga panawagan ng Diyos (Matt. 23:37).
- Umiyak siya dahil maiwasan sana ang trahedyang mahal na mahal tayo ng Diyos kaya ayaw Nyang may mamatay, bagkos magkaroon ng buhay na walang hanggan ang bawat isa (Jn . 5:39-40; Ezek. 18:31-32).
- Ayon sa kasaysayan, ang mga Judio ay naghimagsik noong taong 66 laban sa mga pang-aabuso ng Roma. Iba't ibang pangkat ng mga Judio ang naglalaman sa isa't-isa, habang ang mga Romano ay kumubkob sa lungsod. Sa taong 70 natapos ang lahat. Sinira ni Titus ang Jerusalem at ang Templo. Isang milyong Judio ang namatay.
- Ngunit hindi sinasabi sa atin ng kasaysayan kung paano inudyukan ni Satanas ang mga Judio na maghimagsik, at ang mga Romano na maghiganti. Ang pagkawasak ng Jerusalem ay direktang gawain ng diyablo. Sa pamamagitan ng pagtalikod sa pinagmumulan ng buhay, ang Israel ay nasa awa ng isang kaaway na naghahanap lamang ng pagkawasak at kamatayan.

❖ ANG PAGKALINGA NG DIYOS SA KANYANG BAYAN.

- Sa kanyang pag-ibig, binigyan ng Diyos ng pagkakataon ang lahat ng gustong tumakas sa pagkawasak. Nagbigay Siya ng tanda: Ang Jerusalem ay napapaligiran ng mga hukbo (Luke 21:20).
- Tinupad ni Gaius Cestius Gallus ang tandang iyon noong taóng 66. Inalis ang pagkubkob, at hinabol ng pinunong Zealot na si Eleazar ben Simon ang mga Romano at tinalo sila.
- Sinamantala ng mga naniwala sa mga salita ni Jesus ang sandaling iyon nang ang Jerusalem ay naiwang walang bantay upang tumakas.
- Pagkalipas ng ilang buwan, ipinadala ni Nero si Vespasian upang sugpuin ang paghihimagsik. Mula sa taong 67 hanggang 70, ang pagkubkob ay permanente.
- Maaari at nais ng Diyos na protektahan ang kanyang mga anak, kahit na sa pinakamahihirap na panahon (Awit 46:1; Is. 41:10). Gayunpaman, marami rin ang nawalan ng buhay dahil sa kanilang katapatan sa Diyos (Heb. 11:35-38).
- Bakit ang ilan ay iningatan at ang iba ay tila pinabayaan ng Diyos?

B MGA ARAL MULA SA MGA NAUNANG KRISTIYANO:

❖ KATAPATAN SA PAG-UUSIG.

- Ang mga simula ay tunay na may pag-asa: ang mga pagkahikayat ay umabot sa libo-libo (Gawa 2:41; 4:4); ang mga mananampalataya ay nangaral nang may kapangyarihan (Gawa 4:31; 5:42).
- Ngunit hindi mapakali ang kaaway. Una nagbabanta (Gawa 4:17-18); tapos, pumaparusa (Gawa 5:40); sa huli, pumapatay (Gawa 7:59).

- Dahil sa pag-uusig na ginawa ni Saulo, ang mga alagad ay nagkalat (Mga Gawa 8:1). Ngunit, dahil sa katapatan ng mga mananampalataya, ito ay nagningning ng higit pa sa buong mundo (Gawa 8:4; 11:19-21; Rom. 15:19; Col. 1:23).
- Binigyan ni Jesus ang kanyang Iglesia ng isang utos at kapangyarihan na isulong ito (Mga Gawa 1:8). Walang kapangyarihan, pisikal man o espirituwal, ang makapipigil sa pagsulong ng ebanghelyo (Mt. 16:18; Rom. 8:31).

❖ **PAGTULONG SA MGA NANGANGAILANGAN.**

- Ano ang epekto ng ebanghelyo sa mga naunang Kristiyano (Gawa 2:42-47)?
- Bilang mga kinatawan ni Kristo, tinularan nila si Jesus. Sa pagtugon sa pangangailangan ng mga nakapaligid sa kanila, nakuha nila ang pabor ng buong bayan.
- Tulad noon, ang Iglesia ay dapat makitaan ng pagmamahal sa isa't isa, at pagmamalasakit sa kanilang komunidad.

❖ **PAG-IBIG, ANG TANDA NG ATING PAGKAKAKILANLAN.**

- Ang bawat isa na kasangkot sa pansanlibutang labanan ay may sariling katangian: Si Satanas ay napopoot at sumisira; Ang Diyos ay nagmamahal at nagpapanumbalik.
- Ang mga tagasunod ay kumikilos din ayon sa mga katangiang ito. Kung susundin natin ang Diyos, ipapakita natin ito sa pamamagitan ng pagmamahal sa iba (1Jn. 4:20-21).
- Ipinakita ng mga Kristiyano noong ika-2 at ika-3 siglo ang walang pag-iimbot na pag-ibig. Sa panahon ng dalawang pangunahing pandemya (sa mga taong 160 at 265), inalay nila ang sarili sa pangangalaga sa mga apektado, na hindi iniisip ang sariling kaligtasan.
- Ibinigay nila ang kanilang sarili dahil sa pag-ibig, at nakinabang sila ng milyun-milyong tao. Ngunit hindi nila itinuon ang kanilang pansin sa sarili, kundi sa isang handang ibigay nila ang kanilang buhay, sa kanilang Tagapagligtas: si Jesus.